
# PIVOT 4A
# LEARNER'S MATERIAL

## EsP
## GRADE 6




## QUARTER 3
Key Stage 2 SLM

MELC-based SLM

DepEd CALABARZON
Curriculum and Learning Management Division

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
Hindi Ipinagbibili

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

**PIVOT 4A Learner's Material**
**Ikatlong Markahan**
**Unang Edisyon, 2021**

# Edukasyon sa Pagpapakatao
## Ikaanim na Baitang

Job S. Zape, Jr.
**PIVOT 4A SLMs Development Lead**

Myrasol D. Beltran
**Content Creator & Writer**

Philips T. Monterola
**Internal Reviewer & Editor**

Carolyn I. Chavez
**Language Reviewer**

Genalin V. Ceballo
**Content Reviewer**

Myrasol D. Beltran & Cherry Amor R. Laroza
**Layout Artist & Illustrator**

Jeweel L. Cabriga & Melanie Mae N. Moreno
**Graphic Artist & Cover Designer**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

# Gabay sa Paggamit ng PIVOT 4A Learner's Material

## Para sa Tagapagpadaloy

Ang modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao**. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naaayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa ating mga mag-aaral para sa paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pagpapakita ng kakayahang may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusunod na aralin.

Salamat sa iyo!

## Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang sagot sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi nito. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga gawain sa pagkatuto.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat gawain.
3. Maging tapat sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong magulang o tagapag-alaga, o sinumang mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

# Mga Bahagi ng PIVOT 4A Modyul

| | K to 12 Learning Delivery Process | Nilalaman |
|---|---|---|
| **Panimula (Introduction)** | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na resulta ng pagkatuto para sa araw o linggo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin. |
| | Suriin | |
| **Pagpapaunlad (Development)** | Subukin | Ang bahaging ito ay nagtataglay ng mga aktibidad, gawain at nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral. Ang karamihan sa mga gawain ay umiinog sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC. Layunin nito na makita o matukoy ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| | Tuklasin | |
| | Pagyamanin | |
| **Pakikipagpalihan (Engagement)** | Isagawa | Ang bahaging ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga Knowledge Skills at Attitudes (KSA) upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kaniyang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa Pagpapaunlad o D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/gawain sa buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kaniyang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto. |
| | Linangin | |
| | Iangkop | |
| **Paglalapat (Assimilation)** | Isaisip | Ang bahaging ito ay maghahatid sa mag-aaral sa proseso ng pagpapakita ng mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga upang makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kaniyang kaalaman sa pagbibigay ng epektibong repleksiyon, pag-uugnay o paggamit sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na magbibigay sa kaniya ng pagkakataong pagsama-samahin ang mga bago at dati ng natutuhan. |
| | Tayahin | |

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng Worktext at Textbook na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid ng kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI.

WEEKS 1-2


# Pagpapahalaga sa Magaling at Matagumpay na mga Filipino

## I Aralin

Pangarap mo rin bang maging isang magaling at matagumpay na Filipino balang araw? May kilala ka bang Filipino na naging matagumpay buhat sa kanilang pagsasakripisyo at pagbibigay ng buhay para sa bayan?

Sa araling ito ay iyong matutunghayan kung paano mo mapahahalagahan ang magaling at matagumpay na mga Filipino sa pamamagitan ng pagmomodelo ng kanilang pagtatagumpay, kuwento ng kanilang pagsasakripisyo, at pagbibigay ng sarili para sa bayan, at pagtulad sa mga mabubuting katangian na naging susi ng kanilang tagumpay.

Halina't suriin ang mga larawan sa ibaba. Ano ang masasabi mo sa isinasaad na mensahe ng bawat larawan? Ang mga ito kaya ay may kaugnayan sa pagiging magaling at matagumpay nila?



Marami sa ating mga kababayang Filipino ang maituturing na magagaling at tunay na naging matagumpay buhat sa iba't ibang larangan. Sila ay kinilala sa bansang Pilipinas dahil sa kanilang pagsasakripisyo na nagbunsod ng kanilang tagumpay sa buhay.

Sila ay hinangaan ng nakararami hanggang sa kasalukuyan dahil nagsilbing modelo at inspirasyon ang kanilang tagumpay. Iba't ibang kuwento ang nalathala tungkol sa kanilang ginawang sakripisyo at kung paano nila inialay ang kanilang sarili para sa bayan. Bukod dito, ang pagkakaroon din ng mabuting katangian ang naging susi sa kanilang pagtatagumpay na nararapat tularan ng isang batang tulad mo.

Kaya't halina, maging inspirado sa pagtuklas ng iba't ibang kuwento at gawain upang matutuhang mapahalagahan ang galing at tagumpay ng mga kapuwa Filipino. Mahalagang matutuhan ang araling ito upang magsilbing inspirasyon mo na ang nagawa nila ay kayang-kaya mo rin bilang isang batang Filipino.

# D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang isang kuwentong Kapamilya ng **ABS-CBN News** noong Abril 30, 2019. Ito ay tungkol sa husay at galing ng isang grupo ng mga Filipino sa pagmomodelo ng kanilang tagumpay. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**El Gamma Penumbra Nakita ang Liwanag sa Tagumpay**

Nakilala ang grupong El Gamma Penumbra sa Pilipinas at sa buong mundo sa kanilang mga **shadow play performances** na nagpaparating ng iba't ibang mensahe tungkol sa lipunan.



Pero bago nila makamit ang maliwanag na tagumpay, nabalot ng dilim ang kani-kanilang buhay. Sa pagsisimula nila bilang grupo ng mga **hiphop dancers** noong 2011, nagsimula sila sa kani-kaniyang pangarap na maiahon ang pamilya sa kahirapan.

Sa hirap sa buhay, napagdaraanan nila ang iba't ibang pagsubok para makilala ang kanilang grupo- mula pag-aarkila ng **jeep** at pag-eensayuhan, hanggang sa pagsali sa mga malalayong paligsahan para makilala.

Maaalalang unang nakilala ang El Gamma Penumbra sa mga tanyag nilang **shadow play performances** sa "**Pilipinas Got Talent**" kung saan nagtapos sila sa ikaapat na puwesto. Hindi man nanalo, nakita ng mga hurado ang kanilang potensiyal. Hindi rin natinag ang grupo at dumating ang isa pang pagkakataon.

Pinili ang El Gamma Penumbra noong 2013 na magtanghal sa "**Choose Philippines**" **tourism video** ng ABS-CBN- na nagpabida ng magagandang tanawin at destinasyon sa higit 7,000 isla ng Pilipinas.

"Sobrang dami na ng tawag ang aming natanggap at nagpapasalamat po kami dahil nagbukas 'yun ng madaming **windows** para sa El Gamma Penumbra," ani Pilates.

Ito na raw ang nagbukas ng iba pang mga oportunidad para sa grupo, ayon sa **manager** ng grupong si Dong Pilates.

Patuloy nang dumarating ang kanilang mga biyaya, hanggang sa sumabak sila sa "**Asia's Got Talent"** kung saan nakilala sila bilang kauna-unahang kampeon ng kompetisyon.

"Kung dati po anino lang ang nakikita, ngayon po, unti-unti na po kaming nakilala," wika naman ng isang miyembro.

Nakilala man sa daigdig sa kanilang talento, mas pinipili nila ang kanilang bayan.

"Kahit saan po kami makarating, pipiliin at pipiliin po namin ang Pilipinas **because we 'Choose Philippines'**," anila.

Sila rin ay sumali sa "**World's Got Talent**" kung saan muli silang nagpakilabot sa mga hurado.


Sa kanilang narating, nagpasalamat sila sa ABS-CBN sa pagbibigay sa kanila ng bagong oportunidad.

"Masaya po sa pakiramdam dahil ang ABS-CBN po ang nagpaalala sa 'min na para hindi bumitaw sa pangarap namin."

Mga tanong:

1. Ano ang talentong mayroon ang grupo ng El Gamma Penumbra?
2. Nakilala ba sa bansa ang kanilang husay at galing? Patunayan.
3. Ano-anong mga pagsubok ang pinagdaanan ng grupo na nagsilbing inspirasyon sa iyo bilang isang batang Filipino na may natatangi ring talento katulad nila?
4. Bilang isang batang Filipino, paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa magaling at matagumpay na mga Filipino katulad ng grupo ng El Gamma Penumbra?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Batay sa kuwentong iyong binasa, kumpletuhin ang **graphic organizer**. Itala sa loob ng bawat kahon ang mga mabubuting katangian na naging dahilan ng pagmomodelo ng tagumpay ng **El Gamma Penumbra**. Pagkatapos, sagutin ang kasunod na tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



Tanong:

Makatutulong din ba ang mga katangiang ito sa iyong sarili upang maging matagumpay ka sa iyong buhay pagdating ng panahon? Ipaliwanag. ____________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Basahin at unawaing mabuti ang kuwento ng isang bata na maghahatid sa iyo ng isang panibagong inspirasyon. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**Kesz Valdez, International Peace Prize Awardee**

Si Kesz Valdez ang kauna-unahang taga-Timog Silangang Asya na tumanggap ng **International Children Peace Prize Award**. Mula sa isang mahirap na pamilya, nakilala niya si Harnin Manalaysay na nag-alaga at kumupkop sa kaniya matapos siyang maaksidente at masunog ang kamay.



Ngunit sa halip na panghinaan ng loob, nagsilbi itong inspirasyon kay Kesz. Unti-unti ay naisakatuparan ni Kesz ang kaniyang mga pangarap para sa mga katulad niya ring tumira sa lansangan at dumanas ng hirap.

Nang sumapit ang kaniyang ikapitong kaarawan, mas pinili niyang siya ang magbigay. Tinawag niya ang kaniyang proyekto na "**Hope Gifts**". Ang laman ng kaniyang mga regalo ay mga gamit na panlinis sa katawan na makatutulong sa pag-iwas sa mga sakit.

Nangako rin si Kesz na ang kaniyang napanalunan ay ibabahagi niya sa organisasyong kaniyang napili.

Muli ay napatunayan na ang pagtulong sa kapuwa ay kaya ring gawin ng mga batang tulad niya.

Mga tanong:

1. Sino si Kesz Valdez?

   ___________________________________________________________

2. Ano ang parangal ang kaniyang natanggap?

   ___________________________________________________________

3. Bakit kaya siya nakatanggap ng ganitong uri ng parangal?

   ___________________________________________________________

4. Sa iyong palagay, ano ang pinagkaiba ni Kesz sa mga batang kasing-edad niya?

   ___________________________________________________________

5. Kaya mo din bang gawin ang kaniyang ginawa? Patunayan.

   ___________________________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Basahin at unawaing mabuti ang tula sa ibaba. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**Filipino Ako, Hinding-hindi Susuko!**

ni: Patrick O. Opeña

Mahirap man ang pagdadaanan, pilit pa ring aabutin,
hindi hadlang ang mga tinik para lamang sa mithiin.
Hindi na mabilang mga pawis na tumagaktak,
Filipino ako! Isisigaw sa mundo ang aking tatak.

Maipagmamalaki sa buong mundo itong mga kampeon,
sa iba't ibang larangan at mga natatangi nilang ambisyon.
Kahanga-hanga ang matayog na mga lipad,
makapagbigay ng karangalan ay kanilang hangad.

Nais ko silang tularan sa kanilang narating,
ako'y magsisikap at magpapakita ng galing.
Hindi ako bibitiw sa aking mga pangarap,
Filipino ako! Tagumpay ay malalasap.

1. Ano ang mga aral na natutuhan mo sa iyong binasang tula?

_______________________________________________

2. Mahalaga bang malaman ang tagumpay ng ibang tao? Pangatwiranan.

_______________________________________________

3. Paano mo maisabubuhay ang mensahe ng tula?

_______________________________________________

## E


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Kopyahin ang talaan sa ibaba. Sa tulong at gabay ng iyong magulang o **guardian**, magtala ng lima (5) pang mga Filipino na kinikilala sa bansa dahil sa angking galing at pagtatagumpay sa buhay. Isulat sa tapat ang patunay kung ano ang kanilang naging ambag sa bansa. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| Mga Natatanging Filipino | Naging Ambag sa Bansa |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Sa tulong at gabay ng iyong magulang o **guardian**, gumuhit ng maaari mong maging ambag sa bansa bunga ng iyong pagbibigay ng sarili at pagsasakripisyo. Gamiting gabay ang pamantayan na nasa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| ISKOR | PAMANTAYAN |
|---|---|
| 10 | Mahusay ang pagkakaguhit ayon sa paksa ng gawain;<br>May kulay at malinis ang pagkakagawa ng bata |
| 9 | Maayos ang pagkakaguhit ngunit walang kulay; Malinis |
| 8 | May kakulangan sa konsepto ng iginuhit; May kaunting dumi |
| 7 | Malabo ang konsepto ng iginuhit; May kulay; Madumi |
| 6 | Walang konsepto ang iginuhit; Walang kulay; Madumi |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Bilang isang bata, paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa magaling at matagumpay na mga Filipino? Kopyahin ang dayagram at isulat sa loob ng bawat isa ang iyong kasagutan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.




**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Suriing mabuti ang pahayag sa bawat bilang. Isulat ang salitang **TAMA** kung wasto ang ipinahahayag at salitang **MALI** naman kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Maipakikita mo ang pagpapahalaga sa magaling at matagumpay na mga Filipino sa pamamagitan ng pagmomodelo ng kanilang pagtatagumpay.
2. Ang mga kuwento tungkol sa buhay ng isang matagumpay na Filipino ay maaaring magsilbing inspirasyon para sa isang batang tulad mo.


3. Ang pagbibigay ng sarili sa bayan ay maaaring makabawas sa tagumpay na maaari mong makamit pagdating ng panahon.
4. Ang mga mabubuting katangian ng isang matagumpay na Filipino ay maaari mong tularan at gawing inspirasyon sa pagkakamit ng iyong sariling pangarap sa buhay.
5. Mabuting matutuhan na mapahalagahan ang naging tagumpay ng kapuwa Filipino upang maipakita na ipinagmamalaki mo na ikaw ay isang batang Filipino.

## A

Bilang pangwakas masasabi mo na:

Ang pagpapahalaga sa magaling at matagumpay na mga ________________ ay nakatutulong upang tularan at maging modelo ang kanilang __________________.

Ang mga kuwento ng ___________________ at pagbibigay ng sarili para sa bayan ay kahanga-hanga. Ito ay may magandang epekto na dapat matutuhan sapagkat ang pagtulad sa mga mabubuting _______________ ay isang susi sa __________________ din ng iyong sarili bilang isang Filipino.



WEEK 3


# Paggamit nang may Pagpapahalaga at Pananagutan sa mga Pinagkukunang-Yaman

## I Aralin

Sa nakaraang aralin, iyong natutuhan kung paano napahahalagahan ang magaling at matagumpay na mga Filipino sa iba't ibang larangan. Nalaman mo na sa pamamagitan ng pagmomodelo ng kanilang pagtatagumpay, kuwento ng kanilang pagsasakripisyo, at pagbibigay ng sarili para sa bayan, at pagtulad sa mga mabubuting katangian na naging susi ng kanilang tagumpay ay maipakikita mo ang pagpapahalaga bilang isang batang Filipino.

Ngayon naman ay iyong pag-aaralan sa araling ito kung paano dapat nakagagamit nang may pagpapahalaga at pananagutan sa kabuhayan at pinagkukunang-yaman na mayroon sa bansa.

Tingnan ang mga sumusunod na larawan. Ano ang mayroon sa bawat larawan? Anong mensahe ang nais iparating ng mga ito sa iyo bilang isang batang Filipino?



Ang bansang Pilipinas ay sagana sa likas na yaman. Maraming uri ng kabuhayan ng mga Filipino ay nagmumula sa mga ito. Ang mga pangunahing pangangailangan ng bawat isa ay dito rin nanggagaling. Kaya naman masasabi na napakahalaga ng kabuhayan at pinagkukunang-yamang ito para sa mga Filipino.

Ngunit paano ba ang mga ito dapat gamitin? Bilang isang batang Filipino, ano ang iyong maiaambag upang mapakinabangan pa nang matagal ang lahat ng kabuhayan at pinagkukunang-yaman sa bansa?

Halina't buksan ang isipan para sa isang bagong aralin!

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang kuwento. Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**Kung Kaya Ninyo! Kaya Rin Namin!**

ni: Myrasol D. Beltran

“Pagkabilang ko ng tatlo, magsitago na kayo! Isa! Dalawa! Tatlo!” ang paawit-awit na wika ni Savh. “Pong, Mariolle! Pong, Bazty! Nasaan kaya si Jao?” buong likot-matang paghahanap niya sa paligid.

Maya-maya ay dumating si Jao. “Mga kuya at ate, halika kayo! May ipapakita ako sa inyo. Dali!” humahangos na wika ni Jao.

Pagdating sa ilog, nakita nila na ihahagis na ng mga bata ang isang patay na tuta.

“Angela, bakit ninyo ginagawa iyan? Hindi ba ninyo alam na makasisira iyan ng ating ilog? Ang mga tilapya na libreng nakukuha ng ating mga magulang diyan sa ilog ay malalason. Magkakasakit tayo kapag nakain natin ang tilapya na nakakain ng patay na hayop,” paliwanag ni Savh kina Angela, Fiona at Yohan.




“Gayahin ninyo kami! Tuwing araw na wala tayong pasok ay tumutulong kami sa paglilinis ng ilog. Noong kami ay nagkayayaang maglaro dito, nabasa namin ang nakapaskil na karatula. Dito kami nagsimulang tumulong sa paglilinis ng ilog,” saad ni Mariolle.

“Kung kaya ninyo! Kaya rin namin! Makikiisa kami sa inyong magpipinsan sa tuwing maglilinis ng ilog sa ating barangay. Pangako hindi na kami uulit,” nakangiti at buong-pusong pahayag ni Fiona. “Oo nga! Tutulong kaming mapangalagaan ang pinagkukunan ng kabuhayan ng ating mga kabarangay,” may himig pangakong sabi ni Yohan.

Mula noon, sama-sama at tulong-tulong na palagi ang mga magkakaibigan sa paglilinis ng kanilang ilog.

Mga tanong:

1. Ano ang suliraning nabanggit sa kuwento?
2. Bakit ang pamagat ng kuwento ay “**Kung Kaya Ninyo! Kaya Rin Namin!”**? Ipaliwanag.
3. May aral ka bang napulot sa kuwento? Paano mo ito maisasabuhay?

Bata ka mang maituturing sa lipunan subalit ang iyong simpleng aksiyon ay magdudulot naman ng isang mabuti at napakalaking epekto sa pamayanang iyong kinabibilangan. Ang paggamit nang may pagpapahalaga at pananagutan sa mga kabuhayan at pinagkukunang-yaman ay makatutulong upang mapakinabangan nang matagal ang mga ito.

Ang isang batang tulad mo ay malaki ang maitutulong upang mapangalaagaan ang mga likas na yaman. Ang simpleng pagpupulot at tamang pagtatapon ng basura ay malaki ang maitutulong sa pagpapanatili ng kaayusan ng kapaligiran at kung paano magagamit nang wasto ang Inang Kalikasan.

Kaya't laging isaisip na ang paggamit nang may pagpapahalaga at pananagutan sa mga pinagkukunang-yaman ay makatutulong upang maipamalas mo ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagmamahal sa bansa tungo sa mapayapa at mapagkalingang pamayanan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Suriin ang ipinahahayag sa bawat sitwasyon. Sa tulong at gabay ng iyong magulang o **guardian**, isulat ang simpleng paraan kung paano mo magagamit nang may pagpapahalaga at pananagutan ang kabuhayan at pinagkukunang-yaman na ipinahahayag sa bawat bilang. Gawin ito sa iyong sagutang papel.


1. Maraming nahuhuling isda sa ilog na malapit sa bahay ng iyong lola. Isang araw na pumasyal ka sa kanila ay ipinaghanda ka ng isang masaganang pananghalian. Maraming maliliit na isda ang iyong kinain. Naalala mo ang isang leksiyon ninyo sa Araling Panlipunan tungkol sa mahigpit na pagbabawal sa panghuhuli ng maliliit na isda. Ano ang maaari mong gawin?
2. Ang **Little Boracay** ay isa sa mga dinarayong dagat sa Calatagan, Batangas. Maraming turista ang nagpupunta rito upang maligo at maglibang kasama ang kanilang pamilya at mga kaibigan. Kung ang inyong bahay ay malapit dito, paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa lugar na ito?


# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gumuhit ng tig-iisang paraan kung paano dapat ginagamit nang may pagpapahalaga at pananagutan sa kabuhayan at pinagkukunang-yaman ang nakasaad sa bawat bilang. Gamiting gabay ang pamantayan sa paggawa na nasa pahina 11. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. alagang hayop 2. lupang sakahan 3. kabundukan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Piliin ang mga titik na naglalarawan ng angkop na paggamit ng kabuhayan at pinagkukunang-yaman. Gawin ito sa iyong sagutang papel.













# A

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Ang paggamit nang may ________________ at pananagutan sa mga kabuhayan at ________________ ay makatutulong upang mapakinabangan nang matagal ang mga ito.

Ang isang batang tulad ko ay malaki ang maitutulong upang mapangalaagaan ang mga likas na yaman. Ang simpleng pagpupulot at tamang pagtatapon ng basura ay magdudulot ng isang malaking epekto sa pagpapanatili at kung paano magagamit nang wasto ang Inang Kalikasan.

Kaya't laging isaisip na ang paggamit nang may pagpapahalaga at ________________ sa mga ito ay makatutulong upang maipamalas ko ang pag-unawa sa kahalagahan ng ________________ sa bansa tungo sa mapayapa at ________________ pamayanan.

| | | |
|---|---|---|
| pagpapahalaga | pagmamahal | mapagkalingang |
| pananagutan | pinagkukunang-yaman | yaman |

WEEK 4

# Pagpapakita nang Tapat na Pagsunod sa mga Batas Pangkapaligiran

## I — Aralin

Sa nakaraang aralin, iyong natutuhan kung paano dapat nagagamit nang may pagpapahalaga at pananagutan ang kabuhayan at pinagkukunang-yaman na mayroon sa bansa.

Sa araling ito naman ay iyong pag-aaralan kung paano makapagpapakita nang tapat na pagsunod sa mga batas pambansa at pandaigdigan tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran.

Tingnan ang mga sumusunod na larawan. Anong mensahe ang nais iparating ng bawat larawan? Pamilyar ka ba sa mga ito? Alin ang nais protektahan ng mga larawang ipinakikita sa bawat isa?




Ang mga tao at ang kapaligiran ay may kaugnayan sa isa't isa. Sa kapaligiran nakakukuha ng iba't ibang pangangailangan ang mga tao. Ang mga tao naman ang inaasahang mangangalaga sa kapaligiran upang manatili ito at mapakinabangan nang matagal.

May mga batas pambansa at pandaigdigan na ipinatutupad katulad ng pangangalaga sa kapaligiran. Kung kaya't inaasahan ang suporta at pakikiisa sa mga batas na ito upang mapangalagaan ang kapaligiran at maipakita ang tapat na pagsunod ng mga mamamayang Filipino.

Halina't alamin ang ilan sa mga batas na may kinalaman sa pangangalaga sa kapaligiran.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang mga sumusunod na impormasyon sa ibaba. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Maraming batas na pambansa at pandaigdigan ang ipinatutupad sa bansa katulad ng pangangalaga ng kapaligiran. Layunin ng mga batas na ito na maprotektahan ang kapaligiran upang maging ligtas ang mga taong nakapaligid dito.

Halimbawa nito ay ang **Republic Act No. 9003** o **Ecological Solid Waste Management Act of 2000**. Layunin nito na maibahagi sa bawat mamamayan ang tamang paraan ng pangongolekta at pagbubukod-bukod ng mga basura sa bawat barangay.

Gaano mo kaalam ang mga batas na pangkapaligiran? Pag-aralan ang iba pang batas na ipinatutupad sa bansa.

| **RA 9275 o Philippine Clean Water Act** | **RA 8749 o Philippine Clean Air Act of 1999** | **Republic Act 7586 o National Integrated Protected Areas System Act of 1992** |
|---|---|---|
| Ang batas na ito ay kumikilala sa kalinisan ng tubig para sa mga mamamayan. | Ito ay naglalayong panatilihing malinis ang hangin sa pamamagitan ng pagbuo ng mga pambansang programa at pagpigil sa polusyon sa hangin. Ang DENR ang inatasan sa batas na magsagawa ng mga polisiya at programa upang epektibong makontrol ang polusyon sa hangin ng | Ang batas na ito ay kumikilala sa kritikal na kahalagahan ng pangangalaga at pagpapanatili sa mga likas na biyolohikal at pisikal na pagkakaiba-iba sa kapaligiran. |

Mga tanong:

1. Ano-ano ang mga batas pambansa at pandaigdigan na nangangalaga sa kapaligiran ang ipinatutupad sa bansa?
2. Bakit mahalaga ang mga batas na itinatakda ng pamahalaan?
3. Paano mo maipakikita ang iyong pagsuporta sa mga batas na nabanggit?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sa tulong at gabay ng iyong magulang o **guardian,** magtala ng mga tuntunin, patakaran, at ordinansa tungkol sa pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran na ipinatutupad sa inyong pamayanan. Ipaliwanag ang kahalagahan nito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| Mga Tuntunin, Patakaran, Ordinansa at Batas Pambansa Tungkol sa Kalinisan ng Pamayanan | Kahalagahan |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Kopyahin ang mga kahon sa iyong sagutang papel. Pagkatapos, balikan ang iyong naitala sa Gawain sa Pagkatuto Bilang 2. Sa tulong at gabay ng magulang o **guardian**, isulat sa loob ng bawat kahon ang mga paraan kung paano mo maipakikita ang tapat na pagsunod sa mga tuntunin, patakaran, at ordinansa tungkol sa pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran na ipinatutupad sa inyong pamayanan.

| |
|---|
| |
| |
| |
| |
| |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sa iyong sagutang papel, lagyan ng tsek (✓) ang bawat bilang kung ang pahayag ay nagpapakita nang tapat na pagsunod sa mga batas na may kinalaman sa pangangalaga ng kapaligiran. Lagyan naman ng ekis (✗) kung hindi.

1. Paghihiwalay ng nabubulok at di-nabubulok na mga basura
2. Paggamit ng dinamita sa pangingisda
3. Pagpuputol ng mga punongkahoy sa kagubatan
4. Pagtatanim ng palay, halaman, at mga puno
5. Paggamit ng sasakyan na nagbubuga ng maitim na usok

# A

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Ang mga tao at ang ________________ ay may kaugnayan sa isa't isa. Sa kapaligiran nakakakuha ng iba't ibang pangangailangan ang mga tao. Ang mga tao naman ang inaasahang mangangalaga sa kapaligiran upang manatili ito at mapakinabangan nang matagal.

Maraming ______________ na pambansa at pandaigdigan ang ipinatutupad sa bansa katulad ng pangangalaga ng kapaligiran. Layunin ng mga batas na ito na _________________ ang kapaligiran upang maging ligtas ang mga taong nakapaligid dito.

Kung kaya't inaasahan ang suporta at ______________ sa anumang batas na ipinatutupad upang maipakita ang ______________ na pagsunod bilang isang mamamayang Filipino.

_ a _ a _ i _ i _ a n

_ a _ a s

m _ _ _ o _ e _ _ a _ _ n

_ a _ i _ i _ s _

_ a _ a _

WEEK 5

# Pagmamalaki sa mga Gawaing Nakasusunod sa Pamantayan at Kalidad


I

## Aralin

Sa nakaraang aralin, iyong natutuhan kung paano makapagpapakita nang tapat na pagsunod sa mga batas pambansa at pandaigdigan tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran.

Ngayon, pag-aaralan mo naman kung paano maipagmamalaki ang anumang natapos na gawain na nakasusunod sa pamantayan at kalidad.

Suriin ang bawat larawan. Alin sa mga ito ang nakikita mo sa inyong tahanan? Masasabi mo bang ang mga kagamitang ito ay nakasunod sa wastong pamantayan at kalidad?



Katulad ng mga larawan sa itaas, maraming bagay ang maaaring magawa na de-kalidad at tunay na maipagmamalaki. Ang mga gawang ito ay nakasunod sa mga pamantayang itinakda sa paggawa kung kaya't nakasisiguro sa ganda at tibay ng isang produkto.

Ikaw, bilang isang batang Filipino ay pinaniniwalaan na kaya mo ring makagawa ng anumang gawain na maipagmamalaki, may kalidad at nakasunod sa mga pamantayan.

Kaya, halina at paunlarin ang isipan sa panibagong aralin. Tuklasin kung paano mo maipagmamalaki ang anumang gawain na ibinigay ang buong puso at kakayahan sa paggagawa.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin ang tula sa ibaba. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**Gawang De-Kalidad, Ipagmalaki at Purihin**

ni: Myrasol D. Beltran

Lahat ng tao'y may natatanging kakayahan,
na dapat paunlarin at pakaingatan.
Kakayahang gumawa ng produktong maganda,
pamantayan at kalidad ay siyang inuuna.

Anumang naisin o anumang gawain,
angkop na pamantayan ang dapat malasin.
De-kalidad na gawa, ang dapat na batayan,
upang maipagmalaki ng kahit na sinuman.

Gawang de-kalidad, ipagmalaki at purihin,
taas-noong sabihin, ito'y sariling atin.
Kalidad nang pagkakagawa, hayaang mapuna,
at hintaying sabihin, pamantayan ang inuna.

Mga tanong:

1. Ano ang dapat gawin kung may natatangi kang kakayahan?
2. Ano ang maaari mong gawin upang maipagmalaki mo ang iyong nais gawin?
3. Paano mo maipagmamalaki ang sarili mong gawa?
4. Bakit mahalagang mapuna ang kalidad ng anumang gawaing natapos?
5. Batay sa tula, anong aral ang iyong napulot dito na maaaring makatulong sa iyong sariling kakayahan?

Ang bawat gawain ay kinakailangang bigyan ng pagmamahal at pagpapahalaga. Ito ay magagawa kung susundin ang wastong pamantayan upang makagawa ng isang gawang de-kalidad na maaaring maipagmalaki ninuman.

Anumang serbisyo o produkto na pinaghirapan at buong-husay na ginawa at may layuning maabot ang kalidad na katangian ay tunay na kahanga-hanga at nararapat ipagmalaki.

Maraming paraan para maipagmalaki ang anumang gawain na nakasusunod sa mga pamantayan at kalidad. Ito ay maaaring sa pamamagitan ng pagbabahagi ng anumang gawa o produkto sa ibang tao at sa pamamagitan ng pagmamalaki sa mga dayuhan o turista ang tibay at kalidad ng isang natatanging produkto. Ang pagbibigay din ng papuri sa anumang ginawa ay isang paraan din ng pagmamalaki at dahil dito, matutulungan mo ang isang tao na gumawa pa ng mas marami at mas magiging produktibo ang lahat ng kaniyang ginagawa.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sa tulong at gabay ng iyong magulang o **guardian**, gumuhit ng isang produkto na nakasusunod sa pamantayan at kalidad. Ipaliwanag kung paano ito nakasunod sa pamantayan at kalidad. Gawing gabay ang pamantayan sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| ISKOR | PAMANTAYAN |
|---|---|
| 10 | Mahusay ang pagkakaguhit ayon sa paksa ng gawain;<br>May kulay at malinis ang pagkakagawa |
| 9 | Maayos ang pagkakaguhit ngunit walang kulay; Malinis |
| 8 | May kakulangan sa konsepto ang iginuhit; May kaunting dumi |
| 7 | Malabo ang konsepto ng iginuhit; May kulay; Madumi |
| 6 | Walang konsepto ang iginuhit; Walang kulay; Madumi |

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sa tulong at gabay ng iyong magulang o **guardian**, gumawa ng isang islogan kung paano mo maipagmamalaki ang produkto na iginuhit mo sa Gawain sa Pagkatuto Bilang 2. Gawing gabay ang pamantayan sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| ISKOR | PAMANTAYAN |
|---|---|
| 10 | Wasto, masusi, at maayos ang konsepto ng islogan; Malinis |
| 9 | Wasto at maayos ang konsepto ng islogan; Malinis |
| 8 | May kakulangan sa konsepto ang islogan; May kaunting dumi |
| 7 | Malabo ang konsepto ng islogan; Madumi |
| 6 | Walang konsepto ang islogan; Madumi |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Suriin ang bawat pahayag. Isulat ang salitang **TAMA** kung wasto ang ipinahahayag at ang salitang **MALI** kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Maipagmamalaki ang anumang natapos na gawain na nakasusunod sa pamantayan at kalidad.
2. Anumang gawa o produkto na nakasunod sa pamantayan ay maituturing na gawang basta na.
3. Mahalaga na makasunod sa pamantayang itinakda upang makagawa ng isang de-kalidad na gawain o produkto upang maipagmalaki sa kapuwa Filipino at maging sa mga dayuhan.
4. Ikahiya ang sariling produkto dahil sa hindi nakasunod sa pamantayan.
5. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng papuri tungkol sa ganda at tibay ng isang gawain o produkto ay maipapahayag mo ang iyong buong-pusong suporta at pagmamalaki bilang isang Filipino.

## A

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Ang bawat gawain ay kinakailangang bigyan ng pagmamahal at pagpapahalaga. Ito ay magagawa kung susundin ang wastong _____________ upang makagawa ng isang gawang de-kalidad na maaaring maipagmalaki ninuman.

Anumang serbisyo o produkto na pinaghirapan at buong-husay na ginawa at may layuning maabot ang _______________ na katangian ay tunay na kahanga-hanga at nararapat ipagmalaki.

Maraming paraan para ______________ ang anumang gawain na nakasusunod sa pamantayan at kalidad. Ito ay maaaring sa pamamagitan ng pagmamalaki ng anumang _____________ o produkto sa ibang tao at sa pamamagitan ng pagmamalaki sa mga dayuhan o turista ang tibay at kalidad ng isang natatanging produkto.

Ang pagbibigay ng _______________ sa anumang ginawa ay isang paraan din ng pagmamalaki at dahil dito, matutulungan ang isang tao na gumawa pa ng mas marami at mas magiging produktibo ang lahat ng kaniyang ginagawa.

| | | |
|---|---|---|
| kalidad | papuri | pamantayan |
| maipagmalaki | puso | gawa |

WEEK 6


# Pagpapakita ng Pagiging Malikhain

## I Aralin

Sa nakaraang aralin, iyong natutuhan kung paano maipagmamalaki ang anumang natapos na gawain na nakasusunod sa pamantayan at kalidad.

Ngayon ay pag-aaralan mo naman kung paano maipakikita ang pagiging malikhain sa paggawa ng anumang proyekto na makatutulong at magsisilbing inspirasyon tungo sa pagsulong at pag-unlad ng bansa.

Suriin ang bawat larawan. Ano-ano ang ginagawa ng mga tao sa bawat larawan? Para saan kaya ang ginagawa nila? Nagsilbi ba itong inspirasyon sa iyo na kaya mo ring gumawa kung anuman ang ginagawa nila?



Mahalagang matutuhan ng isang mag-aaral na tulad mo ang paglikha at paggawa ng mga bagay na kapaki-pakinabang upang maging susi ng iyong pag-unlad hindi lamang ng sarili at maging ng bansa.

Ang pagkamalikhain ay nangangahulugang may kakayahan ang taong makabuo ng isang bagay o proyekto na orihinal o pinaunlad na bersiyon ng isang disenyo.

Kaya't halina at alamin mo kung paano mo maipakikita ang pagiging malikhain sa paggawa ng anumang proyekto na maaaring makatulong at magsilbing inspirasyon sa iyong kapuwa Filipino tungo sa pagsulong at pag-unlad ng bansa.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin ang tula sa ibaba. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**Si Ben Kutingting**
Constancia Paloma

Limang taong gulang pa lang itong si Ben
Kita na agad, kaniyang pagkamalikhain
Anumang bagay, sa kaniya makarating
Ilang saglit lang, iba na sa paningin.

Ubos lakas at isipan, kaniyang lilikhain
Anumang hugis, na kaniyang naisin
Kaya't kapag siya'y tahimik, di ka pinapansin
Kakayanan sa paglikha, ibig niyang pagyamanin.

Dumaan ang panahon, si Ben Kutingting
Lumaki na, pero, nasa dating gawi pa rin
Sa pag-aaral naging **honor** pa man din
Kaniyang pagkamalikhain, puhunan din.

Nagtapos, nagtrabaho, sunog kilay pa rin
Sa pagiging manggagawa, tunay na malikhain
Sa sipag at tiyaga, negosyo'y nagkabiyaya
Yumaman na, di na isang kahig, isang tuka.

Kaya pagyamanin, iyong pagkamalikhain
Tiyak makakamtan, magandang hangarin
Magsikap, mag-aral, magtapos at maghanapbuhay
Pagkamalikhain, dala'y magandang buhay.

Mga tanong:

1. Batay sa tula, ano ang kahulugan ng pagkamalikhain?
2. Ilarawan ang mga katangian ng isang taong malikhain.
3. Bakit nabansagan si Ben na "kutingting?"
4. Nagbunga ba ng inspirasyon sa iyo ang tula?
5. Sa iyong palagay, paano makatutulong sa pag-unlad ng bansa ang pagiging malikhain ng isang tao?

Maipakikita ang pagiging malikhain sa paggawa ng anumang proyekto na makatutulong at magsisilbing inspirasyon tungo sa pagsulong at pag-unlad ng bansa sa pamamagitan ng paggawa ng iba't ibang proyekto na mapapakinabangan at maaaring pagkakitaan.

Ang anumang gawain kapag ginagamitan ng pagkamalikhain ay mapagyayaman ang sariling kakayahan. Ito rin ay may kabutihang naidudulot hindi lamang sa sarili kundi maging sa sariling pamayanang kinabibilangan at sa bansa.

Ang isang taong malikhain ay higit na napapayaman ang kaniyang sariling kakayahan sapagkat nakakukuha siya ng inspirasyon sa mga nabuo niyang disenyo.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sa tulong at gabay ng iyong magulang o **guardian**, magtala ng limang (5) bagay o proyekto na maaari mong gawin sa tulong ng iyong pamilya. Isaalang-alang ang proyekto na maaaring magsilbing inspirasyon sa pagsulong at pag-unlad ng bansa. Isulat kung paano ang mga ito gagawin at paano magiging isang kapakipakinabang na proyekto. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Pumili ng isa sa iyong mga naitala sa Gawain sa Pagkatuto Bilang 2. Sa tulong at gabay ng iyong magulang o **guardian**, ipakita ang pagiging malikhain sa paggawa nito. Ipapasa ang natapos na gawain sa itatakdang petsa at oras ng guro. Gamiting gabay ang mga pamantayan sa ibaba.

| ISKOR | PAMANTAYAN |
|---|---|
| 10 | Kahanga-hanga, masusi, at maayos ang ginawang proyekto; Malinis |
| 9 | Kahanga-hanga at maayos ang ginawang proyekto; Malinis |
| 8 | Maayos ang ginawang proyekto; May kaunting dumi |
| 7 | Hindi gaanong maganda ang ginawang proyekto; Madumi |
| 6 | Walang konsepto ang ginawang proyekto; Madumi |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Suriing mabuti ang nakasaad sa bawat bilang. Isulat ang salitang **WASTO** kung tama ang ipinahahayag at salitang **DI-WASTO** naman kung hindi. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Ang anumang gawain kapag ginagamitan ng pagkamalikhain ay nagpapayaman ng sariling kakayahan.
2. Ang isang taong malikhain ay hindi mapayayaman ang sariling kakayahan sapagkat nakakakuha lamang siya ng ideya sa ibang tao.
3. Anumang proyekto na malikhaing ginawa ay makatutulong at magsisilbing inspirasyon tungo sa pagsulong at pag-unlad ng bansa.
4. Huwag matakot umisip ng mga bagay na maaaring pagkakitaan.
5. Palaging isipin ang sariling kapakanan lamang sa pagsasagawa ng anumang gawain o proyekto.

## A

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Mahalagang matutuhan ang paglikha at paggawa ng mga bagay na kapaki-pakinabang upang maging susi ng pag-unlad hindi lamang ng sarili kundi maging ng bansa.

Ang ____________________ ay nangangahulugang may kakayahan ang taong makabuo ng isang bagay o _________________ na orihinal o pinaunlad na bersiyon ng isang disenyo.

Maipakikita ang pagiging malikhain sa paggawa ng anumang proyekto na makatutulong at magsisilbing ___________________ tungo sa _________________ at pag-unlad ng _________________ sa pamamagitan ng paggawa ng iba't ibang proyekto na mapapakinabangan at maaaring pagkakitaan.

| | | |
|---|---|---|
| pagkamalikhain | proyekto | inspirasyon |
| Pagsulong | bansa | talento |

WEEKS 7-8

# Pagsasakilos ng Pagtupad sa mga Batas Pambansa at Pandaigdigan

## I Aralin

Sa nakaraang aralin, iyong natutuhan kung paano maipakikita ang pagiging malikhain sa paggawa ng anumang proyekto na makatutulong at magsisilbing inspirasyon tungo sa pagsulong at pag-unlad ng bansa.

Sa araling ito naman ay matutuhan mo kung paano maisasakilos ang pagtupad sa mga batas pambansa at pandaigdigan katulad ng pagtupad sa mga batas para sa kaligtasan sa daan; pangkalusugan; pangkapaligiran, pag-abuso sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot; paglahok sa mga kampanya at programa para sa pagpapatupad ng batas tulad ng pagbabawal sa paninigarilyo, pananakit sa hayop, at iba pa; at pagtulong sa makakayanang paraan sa pagpapanatili ng kapayapaan.

Pag-aralan ang mga larawan. Anong suliranin ang ipinapakita sa bawat larawan? Ano-anong batas kaya ang nilabag dito? Sino-sino ang maaaring maapektuhan sa hindi pagsunod sa mga batas?



Sa araling ito ay matutuhan mo na bilang mag-aaral ay dapat mong tuparin ang ilan sa mga batas pambansa at pandaigdigan. Ang bawat isa ay inaasahang sumunod sa mga batas na ipinatutupad sa bansa.


Nararapat gawin o isakilos ang pagtupad sa mga batas bilang pananagutan mo bilang isang mamamayang Filipino. Inaasahan ng pamahalaan ang pagsunod at paggalang ng bawat isa upang matiyak ang kaligtasan, kaayusan, at kapayapaan ng lahat.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at suriing mabuti ang mga sumusunod na batas pambansa at pandaigdigan.

1. **SEAT BELT LAW (RA 8750 o Seat Belt Use Act of 1999)**

Sa ilalim ng nabanggit na batas, papatawan ng kaparusahan ang mga tsuper, **operator**, may-ari ng sasakayan pati ang **manufacturer**, **assembler**, **importer**, at **distributor** ng mga sasakyan na hindi tumatalima sa paglalagay at paggamit ng **seat belt**.




Sa **Section 4** ng batas, ang nagmamaneho at pasahero sa unahan ng pampubliko o pribado mang sasakyan ay obligadong gumamit ng kanilang **seat belt** habang umaandar ang sasakyan.

Sa **Section 5** ng batas, ipinagbabawal ang pagpapaupo sa unahan ng sasakyan ng mga batang anim na taong gulang pababa.

**2. PHILIPPINE CLEAN AIR ACT (RA 8749 o Philippine Clean Air Act of 1999)**

Ito ay naglalayong panatilihing malinis ang hangin sa pamamagitan ng pagbuo ng mga pambansang programa sa pagpigil ng polusyon sa hangin. Ang **DENR** ang inaatasan sa batas na magsagawa ng mga polisiya at mga programa upang epektibong makontrol at mapigilan ang polusyon sa hangin sa bansa. Katuwang ng DENR ang ahensiya ng gobyerno gaya ng **National Statistical Coordination Board**, mga lokal na pamahalaan, at **Non-Government Organizations**.



Ang nasabing ahensiya ay inaatasan ding bumuo ng **emission standards** para sa mga industriya at mga establisyemento na naglalabas ng mga **pollutants** sa hangin. Ang mga nasabing pamantayan ay nagsasaad ng **maximum limit** ng **pollutants** na maaaring ibuga ng mga industriya.

Bukod dito, ipinagbababawal din ng batas ang paninigarilyo sa mga pampublikong gusali, mga pampublikong sasakyan at iba pang lugar na hindi itinalaga para sa paninigarilyo, at ang pagsusunog ng mga **biochemicals** at **hazardous wastes** na maaaring maging sanhi ng mga mapanganib na **pollutants**.

**3. Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002**

Ang **Republic Act 9165** ang tinaguriang **Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002**. Layunin ng **RA 9165** na pangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayan lalong lalo na ang mga kabataan laban sa pinsalang dulot ng droga.

Sino-sino ang sakop ng **RA 9165**?

Mapaparusahan sa ilalim ng batas **RA 9165** ang mga taong nagbebenta at gumagamit ng ipinagbabawal o ilegal na droga at mga kauri nito. Paano makakatulong ang **RA 9165** sa **anti-drug policy** ng pamahalaan? Sa pamamagitan nito, titiyakin ng pamahalaan na:



a. Mahuhuli ang mga taong nagbebenta at gumagamit ng ipinagbabawal na gamot at mapapatawan sila ng kaukulang parusa;

b. Magkakaroon ng isang pambansang programa sa pagsugpo sa pagkalat ng ilegal na droga upang ang mga taong nangangailangan ng gamot na ipinagbabawal ay malayang makagamit nito para sa kanilang karamdaman; at

c. Magkaroon ng tuloy-tuloy na programa para sa gamutan at rehabilitasyon ng mga nagiging biktima ng pag-abuso sa ipinagbabawal na gamot.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sagutin ang mga sumusunod na katanungan tungkol sa binasa mong mahahalagang impormasyon sa Gawain sa Pagkatuto Bilang 1. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ano-ano ang mga batas na pangkalsada, pangkapaligiran, at pangkalusugan ang nabanggit sa iyong binasa?
2. Ano-ano ang mga kabutihang dulot ng mga batas na ito?
3. Ano-ano ang mga kaparusahan sa paglabag sa mga batas na ito?
4. Bakit mahalaga na sumunod sa mga batas pambansa at pandaigdigan?
5. Sang-ayon ka ba na may pananagutan ang mga kabataang katulad mo sa pagpapatupad ng batas? Ipaliwanag ang iyong sagot.


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Basahin at unawain ang kuwento. Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**Mga Responsableng Mag-aaral**

ni: Maria Linda B. Muli

Masigasig na natapos ang talakayan sa loob ng silid-aralan ni Bb. Lopez. Ang kaniyang mga mag-aaral ay kasalukuyang nag-uusap-usap na lamang tungkol sa isang pag-uulat na gagawin ng bawat pangkat para sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao.

Ang unang pangkat na binubuo nila Leo, Bea at Liza ay naatasang



mag-ulat ng mga batas na dapat sundin at igalang ng bawat mamamayang Filipino. Nilinaw rin na ang iuulat nila ay ilan sa mga bahagi ng mga batas pambansa na siyang umiiral dito sa Pilipinas at batas pandaigdigan na siya namang umiiral din sa ibang mga bansa at maaaring sa buong mundo.

Napagkasunduan ng magkakaibigang Leo, Bea at Liza na magkakaroon sila ng kani-kaniyang paksang iuulat. Si Leo sa mga batas para sa kaligtasan sa daan; si Bea para sa mga batas pangkalusugan; at si Liza ay para sa mga batas laban sa pang-aabuso sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot.

Naririto ang ilan sa mga batas na naihandang iuulat ng mga magkakaibigang mag-aaral.

Tagapag-ulat: **Leo Santos**

Paksang Iuulat: **Mga Dapat Tandaan Tungkol sa mga Batas para sa Kaligtasan sa Daan**

1. Paggamit ng **seat belt** ng nagmamaneho at pasahero sa unahan ng sasakyan.
2. Ipinagbabawal ang pagpapaupo sa unahan ng sasakyan ng mga batang anim (6) na taong gulang pababa.
3. Pagsusuot ng **helmet** habang nakasakay o nakaangkas sa motorsiklo.
4. Hindi pagsisira ng mga **sign boards** o babala na nasa kalsada.

Tagapag-ulat: **Bea Canlas**

Paksang Iuulat: **Mga Dapat Tandaan Tungkol sa mga Batas para sa Kalusugan**

1. Pagbabawal sa paninigarilyo sa pampublikong lugar at sa mga sasakyang pambayan.
2. Ipinagbabawal din sa mga sasakyan ang labis na pagbubuga ng usok saanman.
3. Hindi pinapahintulutan ang pagtatapon ng mga basura sa kalye o kalsada, o saanman.
4. Bawal na pagbubukas ng mga sinehan, pook-sugalan, pook-inuman na malapit sa simbahan, at paaralan sa panahon ng pandemya.
5. Pagbabawal sa pagbebenta ng sigarilyo at alak sa mga menor de-edad na may labimpitong taong (17) gulang pababa.

Tagapag-ulat: **Liza Ruiz**

Paksang Iuulat: **Mga Dapat Tandaan Tungkol sa mga Batas Laban sa Ipinagbabawal na Gamot**

1. Hindi pinahihintulutan ang pagbebenta o paggamit ng anumang uri ng ipinagbabawal na gamot.
2. Paglalaan at pagbuo ng mga programa laban sa pagsugpo sa pagkalat ng mga bawal na gamot o droga.
3. Pagkakaroon ng programa para sa rehabilitasyon ng mga naging biktima ng pag-abuso sa bawal na gamot.

Bilang pagwawakas ng ulat, nilinaw at ipinaliwanag ng magkakaibigan ang kahalagahan ng mga batas. Ayon sa kanila, ang mga batas ay nararapat sundin at gawin ng mga mamamayan. Ito ay pinaiiral at sumasaklaw sa buong bansa at walang sinuman ang hindi kabilang.

Ang mga batas ay nararapat na tinutupad at hindi sinusuway upang makamit ng lahat ang kaayusan, kaligtasan, at kapayapaan. Nag-iwan ng isang tanong ang tatlong tagapag-ulat, "Paano mo maipamamalas ang pagsunod sa mga batas?".

Matagumpay na nakapag-ulat ang mga magkakaibigan. Sila ay pinalakpakan ng lahat. “Mahusay!” wika ng guro.

Mga tanong:

1. Ano ang pangunahing paksa ang naiulat sa klase ng magkakaibigang mag-aaral?
2. Isa-isahin ang mga paksang naisabatas na binanggit ng tatlong mag-aaral sa kuwento?
3. Paano ka dapat tumupad sa mga batas para sa kaligtasan sa daan?
4. Paano ka dapat tumupad sa mga batas para sa kalusugan?
5. Paano ka dapat tumupad sa mga batas laban sa pag-abuso sa ipinagbabawal na gamot?
6. Kung susundin ng bawat Filipino ang mga batas na nabanggit, ano ang maidudulot nito sa lipunan?

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Isulat ang titik **T** kung ang pahayag ay nagsasaad ng pagtupad sa batas at mga titik **HT** naman kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Hindi pagbebenta ng sigarilyo sa mga menor de-edad.
2. Madalas na pag-uubos ng oras sa isang pook-sugalan o pook inuman.
3. Iniiwasang gumamit ng mga pook-tawiran at **overpass** upang mas mapabilis sa pupuntahan.
4. Hindi nagbigyang-pansin ang mga taong biktima ng bawal na gamot.
5. Pagpulot ng mga basura at pagsinop sa mga maaari pang pakinabangan upang hindi kumalat kung saanman.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Sa iyong sagot sagutang papel, lagyan ng tsek (✓) ang bawat bilang kung ang pahayag ay nagpapakita nang tapat na pagsunod sa mga batas. Lagyan naman ng ekis (×) kung hindi.

1. Nagkaroon ng ordinansa o kautusang pambarangay na tuwing Sabado ay may malawakang paglilinis ang buong barangay sa bawat lugar. Maraming residente ang nakilahok kung kaya’t nahirang na pinakamalinis na barangay ang Barangay Masinop.
2. May isang di-kilalang lalaki ang nag-aalok sa iyo ng malaking pera kapalit ng paghahatid mo sa isang lalaki na nasa kabilang daan ng isang bagay na nakabalot. Dali-dali mo itong hinatid.
3. Hindi ipinarada ng iyong tatay ang motorsiklong sinasakyan sa lugar na may nakasulat na “**No Parking**”.

4. Nagte-**text** habang nagmamaneho ang tsuper ng **jeepney** na sinasakyan mo.
5. Patuloy na ginagamit ng iyong kapitbahay ang kaniyang kotse na lubos ang paglalabas ng itim na usok.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Sa iyong sagutang papel, isulat ang salitang **TAMA** kung naisasakilos ang pagtupad sa mga batas pambansa at pandaigdigan. Isulat naman ang salitang **MALI** kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Pagsunod sa mga batas trapiko katulad ng pagtawid sa tamang tawiran
2. Pagsunog ng basura sa likod-bahay
3. Pagsali sa **Tapat Ko, Linis Ko** na proyekto ng inyong barangay
4. Pagbato sa hayop na nakapasok sa inyong gulayan
5. Pagsunod sa **curfew hours** na itinakda ng barangay

## A

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Mahalagang matutuhan kung paano ________________ ang pagtupad sa mga batas pambansa at pandaigdigan katulad ng pagtupad sa mga batas para sa kaligtasan sa daan; pangkalusugan; pangkapaligiran, pag-abuso sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot; paglahok sa mga kampanya at _________________ para sa pagpapatupad ng ________________ tulad ng pagbabawal sa paninigarilyo, pananakit sa hayop, at iba pa; at pagtulong sa makakayanang paraan sa pagpapanatili ng kapayapaan.

Nararapat gawin o isakilos ang ______________ sa mga batas bilang pananagutan ng isang mamamayang Filipino. Inaasahan ng pamahalaan ang pagsunod at paggalang ng bawat isa upang matiyak ang kaligtasan, ________________ at kapayapaan ng lahat.

| | | |
|---|---|---|
| maisasakilos | pagtupad | kaayusan |
| programa | batas | kapayapaan |

# Susi sa Pagwawasto

### Weeks 1-2

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8**

1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. TAMA
5. TAMA

### Week 3

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**

B

D

E

### Week 4

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**

1. ✓
2. ×
3. ×
4. ✓
5. ×

### Week 5

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**

1. TAMA
2. MALI
3. TAMA
4. MALI
5. TAMA

### Week 6

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**

1. WASTO
2. DI-WASTO
3. WASTO
4. WASTO
5. DI-WASTO

### Weeks 7-8

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**

1. T
2. HT
3. HT
4. HT
5. T

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**

1. ✓
2. ×
3. ✓
4. ×
5. ×

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6**

1. TAMA
2. MALI
3. TAMA
4. MALI
5. TAMA

# PIVOT Assessment Card for Learners

## Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral



Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.

☆ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

### Gawain sa Pagkatuto

| Week 1 | LP | Week 2 | LP | Week 3 | LP | Week 4 | LP |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |
| **Week 5** | **LP** | **Week 6** | **LP** | **Week 7** | **LP** | **Week 8** | **LP** |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★,✓, ?.

## Sanggunian

Department of Education. 2016. "K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao Gabay Pangkurikulum." *lrmds.deped.gov.ph.* Accessed April 2, 2020. https://lrmds.deped.gov.ph/detail/5451.

Department of Education. 2016. K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao Learner's Material for Grade 6.

Department of Education. 2020. Most Essential Learning Competencies in Edukasyon sa Pagpapakatao.

Department of Education. 2020. Revised MELC sa Edukasyon sa Pagpapakatao. RM 306, s. 2020 Corrigendum to the Enclosures in Regional Order No. 10, s. 2020, Re: Implementing Guidelines on the Implementation of MELC PIVOT 4A Budget of Work (BOW) in all Learning Areas for Key Stage 1 - 4.

Peralta, GA at Ylarde, ZR. 2016. *Ugaling Pilipno sa Makabagong Panahon.* VICARISH Publication and Trading,Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs